# 1

Binuksan ni Violet ang gripo ng lababo sa kusina at itinapat doon ang kawali. Hinugasan niya iyong maigi at itinaktak ang tubig bago iyon ipinatong sa butane gas stove saka binuhay ang apoy, hinintay na matuyo ang tubig bago ibinuhos ang mantika. Mayamaya lang ay nagsimula na siyang magprito at dinig na ang nagtatalamsikang mantika sa buong kabahayan. Hindi iyon nakapagtataka sapagkat maliit lang ang bahay na gawa sa mumurahing materyales at ang bubong ay anahaw.

Mahirap lang sila at hindi niya ikinasasama ng loob iyon. Hindi ganoon kahalaga sa kanya ang pera kahit na alam niyang may pera ang Lolo Enrique niya, ama ng pumanaw niyang ina. Noong nabubuhay pa ang mama ni Violet, wala siyang natatandaang pagkakataon na kinausap sila ng abuelo.

Itinakwil ng matandang Enrique si Carmencita noong pinagbubuntis pa lang siya nito dahil tutol ang matanda sa pakikipagrelasyon ng nag-iisa nitong anak sa isang maglalako ng asin, suha, at kamote. Subalit mabait ang kanyang amang si Pablito at pinakasalan nito si Carmencita. Nabuhay silang tatlo nang maayos kahit wala ang nakasanayang

maalwang buhay ng mama niya.

Nagsikip ang lalamunan ni Violet nang maalala ang trahedyang kumitil sa buhay ng mga magulang may limang taon na ang nakararaan. Nabangga ng isang six-wheeler truck ang pampublikong jeep na sinasakyan nina Pablito at Carmencita. Wala ni isang nakaligtas sa malagim na trahedya, kabilang na ang driver ng jeep.

Naghinagpis siya nang husto at kung hindi dahil sa Mama Criselda niya na kaibigang matalik ng kanyang tunay na ina at siyang kumupkop sa kanya, ay baka nasiraan na siya ng bait. Hindi kakayanin ng puso niya na mag-isa sa panahon ng pagdadalamhati.

Ipinilig niya ang ulo. Limang taon na ang lumipas at sa awa ng Diyos ay naibalik naman na niya sa dati ang masigla at masayahing disposisyon sa kabila ng dumaang mga unos sa buhay niya. Malaking tulong sa kanya ang Mama Criselda na natural ang pagiging komikera at palangiti kahit pa sa edad nito noon na beinte dos años ay nabalo na ito at hindi man lang nagkaanak. Hindi na nag-asawang muli si Criselda at siya na ang itinuring nitong anak magmula nang kupkupin siya nito.

Muli niyang itinuon sa pagpiprito ang mga mata at natilihan nang makitang sunog na ang pinipritong itlog! Makukurot siya sa singit ng kanyang Mama Criselda. Dali-dali niyang inabot ang siyanse at nagkandapaso pa sa pagmamadaling mailipat ang itlog sa plato.

Inilapag ni Violet sa mesa ang plato at minasdan ang sunog na itlog pagkatapos ay umangat ang tingin niya sa napakalaking larawan na pinilas mula sa mamahaling magazine. Pina-laminate niya iyon at ngayon ay nakapuwesto sa taklob ng pagkain, at nakaharap sa kanya.

Mula sa kapitbahay niyang si Maryeta ang magazine. Buong araw niya itong kinulit, iniyakan at sinuklay-suklay ang matigas at tuyot nitong buhok na nasira dahil sa ginamit nitong tatlong pakete ng pangkulay na nabili nito sa bangketa. Hindi siya tumigil hangga't hindi nito ibinibigay sa kanya ang pahina kung saan nakaimprenta ang larawan ni Keaton.

Keaton Grey was one of the most powerful hotel moguls in the world. May misteryoso itong bughaw na mga mata. Matangkad ito, matipuno, at makarismang tao. He was, in fact, recognized as one of the top-ranking businessmen in Asia. Kasama sa listahang iyon ang magpinsang Crexus and Clay Santa Maria.

Kung si Violet ang tatanungin ay mas gusto niya si Crexus dahil ito ang pinakasalan ng iniidolo niyang contortionist, si Belladonna. Binanggit din sa listahan sina Yarrick Sanvezera, Wolf Gaston, Leon Rodrigazo, Zen Montaner, at Esmael Idulverio. May iba pang pangalang hindi na niya matandaan. Napanood niya nang inanunsyo ni Leon sa TV ang

pag-ibig nito para kay Valeria Viste at totoong kinilig siya. Sana all may Leon na kayang ipagsigawan sa lahat na umiibig ito. Sana ganoon din si Keaton.

*Hot bachelor Keaton Grey and the only woman in his life, Medusa*, basa niya sa isang linyang isinulat tungkol dito. Medusa was his Persian Cat, at abuhin ang kulay nito. Sa tingin niya ay mas mahilig sa pusa ang binata kaysa sa babae dahil hindi pa niya nabalitaang may naugnay ditong babae.

Una niyang nakita si Keaton nang magpunta ito sa bahay niya. Itinuturing siyang albularya sa lugar nila at maraming nagsasabing tunay na mabisa ang tinitimpla niyang gayuma kaya dinadayo siya ng mga taga-ibang lugar. She was a witch doctor—ang kahuli-hulihang buhay na kalahi ng mga pinakaunang babaylan na tumapak sa Pilipinas. Namana niya ang galing sa paggawa ng mga dahong dinasalan ng orasyon mula sa namayapang ama na bukod sa paglalako ng mga asin, suha, at kamote ay magaling ding manggamot ng mga nanuno o mga taong napagkatuwaan ng mga engkanto at maligno.

Sinamahan ni Keaton noon ang magandang babaeng nakisuyong igawa niya ito ng gayuma na alam niyang hindi para kay Keaton kaya walang pagdadalawang-isip niya itong pinagbigyan at kung puwede niya lang ipagpamisa ito para makatuluyan ang lalaking gustong gayumahin ay baka ginawa na niya.

*"Byuleta, may naghahanap sa 'yo, mga dayo!"* balita

*sa kanya ni Erning. Kapitbahay niya ito at malapit na kaibigan. Matanda ito sa kanya nang limang taon pero isip-bata kung kumilos.*

*"Sino?"*

*"Magkasintahan siguro. Iyong isa Amerikano! Blue ang mata, eh."*

*Nangunot ang noo ni Violet. Bumangon siya mula sa pagkakaupo sa kahoy na silya saka lumapit sa pinto.*

*Napasinghap siya nang makita ang mukha ng tinukoy ni Erning na Amerikano. Nanghina ang mga tuhod niya kaya napakapit siya sa hamba ng pinto. Palagay niya ay lumakas ang ihip ng hangin at nilaro niyon ang dulo ng labi niya saka nag-iwan ng isang malawak na ngiti.*

*Pumailanlang ang kantang* 'Lintik'*ng* Brownman Revival *na tanging siya lang ang nakakarinig.*

Lintik, tinamaan siya! Magmula noon ay hindi na naalis sa isipan niya ang lalaki. She was smitten with him.

"Ano ba, Keaton, huwag mo nga akong tinititigan nang ganyan," ngising-ngisi niyang kausap sa larawan. Inipit ni Violet ang ilang hibla ng buhok sa gilid ng kaliwang tainga saka pinakinang ang mga mata, na tinalo pa ang dalagang mayumi. "Ano ba'ng gusto mo? Kiss? Teka lang, huwag mo akong inaapura. Pag-iisipan ko muna." Nilapirot niya ang laylayan ng suot na maluwag na T-shirt. "Okay! Pero isa lang, ha, huwag kang abuso porke love kita, at baka kasi makita tayo ni Mama—"

"Hoy, Byuleta! Naku, nasunog na naman ang itlog mo!" Binatukan siya ni Mama Criselda. Malusog ito. Triple ang sukat kung ikukumpara sa katawan niya. Mas ito ang mukhang albularya sa kanilang dalawa, lalo at may dahon ng bayabas na nakasabit sa ulo nito at palaging may hawak na mahabang sanga ng kahoy na nagsisilbing tungkod nito kapag nirarayuma.

"Sorry po, Ma."

Matinis siyang napatili nang kurutin siya ni Criselda sa singit. "Ikaw na bata ka, tigilan mo nga ang kalokohan mong iyan. Tingin mo ba kakausapin ka ng picture na iyan?" Eksasperado nitong inginuso ang picture na nakapatong sa lamesa.

"Eh, Ma, hayaan n'yo na ho. Pagbigyan n'yo na ako," ingos niya.

"Kung kinakalbo kaya kita? May nobya na nga iyong tao, hindi ba at nakita mo naman iyon?"

"Hindi niya nobya iyon, Ma. Nagpagawa sa akin ng gayuma iyong babae para daw sa boss niya. Ibig sabihin—"

"Ibig sabihin, umaasa ka!"

Sumimangot si Violet. "Si Mama Criselda talaga. Ito na nga lang ang kaligayahan ko."

"Hindi ka paliligayahin ng lalaking iyan, at sa ganda ng kasama n'ung babae, magmumukha kang baluga, anak."

Ipinadyak niya ang paa. "Mama naman, eh! Maganda po ako!"

“Oo, maganda ka pero mas kumpleto sa bakuna ang nobya niyan.”

“Makikita n’yo, Ma, magiging asawa ko si Keaton balang araw.”

“Bahala kang managinip nang gising, anak.” Inilabas nito sa bulsa ang beinte pesos. “Ito ang pera, pumunta ka ng tindahan at bumili ka ulit ng itlog. Dalawa. Huwag mo nang iprito at ilaga mo na lang.”

Tumango siya. “Magpapalit lang po ako ng T-shirt, Ma.”

Pumasok siya sa kanyang silid, nasa dibdib pa rin ang pag-asam na si Keaton ang mapapangasawa niya pagdating ng panahon.

Tumayo si Violet sa harapan ng salamin. Hinayon niya ng tingin ang sarili. Mahaba ang kulot at itim niyang buhok na lampas sa tadyang ang haba. Nagra-riot iyon kapag hindi natatalian o hindi napapahiran ng langis. Ang hugis ng kanyang mga mata ay parang sa pusa. Mabilog na bahagyang nakataas sa dulo. Maliit lang ang kanyang ilong pero maganda ang hugis niyon at sakto lang ang laki. Ang pang-ibabang labi niya ay may bahagyang hiwa sa gitna. Maliit lang ang kanyang mukha.

Lumabi siya. “Bagay naman kami, ah.” Mayaman lang si Keaton nang isang libong ulit kesa kanya. Ano naman ngayon? Mahalaga bang pareho ang estado at angking yaman ng dalawang tao? Ang mga magulang niya ang patunay na hindi hadlang ang kaibahan sa pamumuhay ng dalawang tao upang

magsama at mabuhay nang masaya. Her mother lived happily to the very end.

Sunud-sunod na katok ang nagpalingon kay Violet sa pinto. Nasa loob siya ng kanyang silid at ginugugol ang oras sa pag-iilusyon kay Keaton.

"Bukas iyan," aniya.

Si Criselda ang iniluwa ng pinto. Natutuwa na nababahala ang ekspresyong nakaguhit sa mukha nito.

"May kailangan kang malaman." Pumasok ito at sinigurong nakasarado ang pinto bago umupo sa gilid ng katreng gawa sa kawayan.

Napaupo siya nang maayos at napakunot-noo. Para tiyakin pa ng ina-inahan na sarado ang pinto, pihadong importante at napakapribadong bagay ang kanilang pag-uusapan.

"Bakit ho, Ma?"

Tumitig sa kanya si Criselda. "Pinamanahan ka ng Lolo Enrique mo," simula nito.

Tumaas ang kilay niya. Hindi niya alam kung dapat ba siyang matuwa sa balitang iyon. May iniwang mana sa kanya ang kanyang lolo? Paano nangyari iyon? Ni hindi siya nito kinilalang apo. "Ano ho'ng ibig n'yong sabihin, Ma?"

Bumuntong-hininga ang may-edad na babae. "Sumakabilang-buhay na pala ang lolo mo, anak. Ikinalulungkot kong hindi natin nalaman ang tungkol sa bagay na iyan. Kung nakarating lang sa

akin ang balitang iginugupo na ng sakit ang abuelo mo, sana ay nakagawa ako ng paraan upang magkita man lang kayo."

Nagsikip ang kanyang dibdib. Wala na ang Lolo Enrique niya. Kahit papaano ay nakadama siya ng lungkot. Kahit na hindi niya ito nakita ni minsan ay abuelo niya pa rin ito at nakakapanghinayang na nagawa nitong tikisin ang nag-iisang anak. Hindi nito binigyan ng pagkakataon si Pablito na patunayang karapat-dapat ito sa pag-ibig ni Carmencita.

"Matagal ka nang hinahanap ng abogado ng matanda upang ipagkaloob sa iyo ang minana mo sa namayapang si Enrique."

"Anong mana?"

"Bahay at lupa. Sa Balintawak. Nasa Visayas iyon, anak."

Namilog ang kanyang mga mata. May iniwang bahay at lupa sa kanya ang Lolo Enrique? Bakit siya nito pagkakalooban ng ganoon? Siya na rin ang sumagot sa sariling tanong. Dahil nag-iisa siya nitong apo.

Namatay sa panganganak ang ina ng Mama Carmencita niya. Hindi na rin nag-asawang muli si Enrique at ibinuhos ang buong atensyon sa nag-iisang anak at sa pag-aasikaso ng mga ari-arian. Ngayong wala na ang mama niya at wala na rin itong ibang kilalang kamag-anak ay normal lang na isipin nitong ipamana sa kanya ang bahay at lupa.

"Pinamanahan ako ng bahay at lupa ni Lolo Enrique?"

"Oo, at may kalakip na pakiusap ang lolo mo sa pagbibigay sa iyo ng propiedad."

Natigilan si Violet pero nabuhay din ang pagnanais na marinig ang pakiusap ng matanda. "Ano po iyon?"

"Na sana'y doon ka manirahan at ibalik mo ang dating sigla sa malaking bahay."

Hindi siya nakaimik. Anong klaseng pakiusap iyon? Malayo ang bayang kinalakhan niya sa Balintawak at hindi siya magiging komportable kung doon niya pipiliing manirahan. "S-sasamahan mo ba ako, Mama Criselda?"

"Sa loob ng isa o dalawang linggo, oo."

"Tapos ay iiwan mo na ako?" hindi makapaniwalang bulalas niya.

"Malaki ka na, Violet, at gustuhin ko mang samahan ka ay hindi posible. Nandito ang kabuhayan ko at nandito ang mga kamag-anak ko. Dadalawin kita nang madalas, anak."

"Mama, ibenta na lang natin ang—"

"Magagawa mo ba iyon? Ang ibenta ang kaisa-isang bagay na iniwan sa iyo ng Lolo Enrique mo?" Bumuntong-hininga si Criselda. "Hindi masamang tao ang lolo mo, Violet. Nagdamdam lang siya nang husto. Madalas banggitin sa akin noon ni Carmencita n'ung nabubuhay pa siya kung gaano siya kamahal ng ama niya, at kung gaanong sakit ang idinulot

niya rito nang malaman nitong nagdadalantao siya. Maraming plano si Enrique para sa mama mo na hindi na natupad dahil pinili ni Carmen na sumama at magpakasal kay Pablito. Iyon ang labis na ininda ng lolo mo, anak. Hindi na ito nag-asawa at ibinuhos ang buong buhay kay Carmen na sa huli'y mas piniling iwan ito at sumama sa boyfriend. Sa labis na sama ng loob, hindi na naintindihan ng lolo mo na umibig lang nang labis ang mama mo."

Humugot siya ng malalim na paghinga. Sa kailaliman ng kanyang puso ay batid niyang hindi masamang tao ang Lolo Enrique niya. Napakabuti ng Mama Carmen niya at natitiyak niyang ganoon din ang mga magulang nito. "A-ano ho ang gagawin ko ngayon?"

"Beinte-uno ka na. Nakatapos ka na ng pag-aaral. Ang mga kaedaran mo ay ikatutuwang mabuhay nang mag-isa. Subukan mo lang, anak, kahit na ilang buwan lang. Kapag hindi mo talaga mahanap sa puso mo ang kapanatagan ng loob na manirahan doon ay bumalik ka rito. Bukas palagi ang bahay ko."

Hindi niya namalayan kaninang nag-iinit na pala ang mga mata niya at ngayon nga'y pumatak na ang kanyang luha. "Kung aalis ako, hindi ka ba malulungkot, Mama? Hindi mo ba ako mami-miss?"

Malungkot na ngumiti si Criselda at niyakap siya nang mahigpit. "Alam mong mami-miss kita nang sobra. Ikaw ang anak na hindi ipinagkaloob sa akin

ng Diyos." Inilayo siya nito saglit upang punasan ng panyolito ang pisngi niyang puno ng luha. "Bakit ka ba umiiyak? Hindi naman sa Amerika ang punta mong bata ka." Pinisil nito ang baba ni Violet. "Nasa Pilipinas ka pa rin naman at madadalaw kita. Madadalaw mo rin ako. Walang dapat ikalungkot, anak."

# 2

"What? No! Hindi puwedeng hindi. Kailangan nating magawan ng paraan iyan. Napakaimposible namang tinanggihan pa niyan ang alok natin!" iritadong hiyaw ni Keaton sa abogadong tumitingin sa mga lupang gusto niyang bilhin saka nagpupuyos ang loob na tinapos ang tawag.

He was in his home office when he received the call from Atty. Anthoine La Guarcho.

Kaibigan niya ang binatang abogado, pero kapag negosyo na ang pinag-uusapan, para silang aso't pusa kung mag-away. They argue over the smallest things. Kagaya na lang ngayon. Ibinalita nitong hindi pumayag ang may-ari na ibenta ang propiedad na gustung-gusto niyang pagtayuan ng hotel sa Balintawak. Nasa Visayas iyon, sa Escalante.

Nakausap na niya ang dating may-ari ng lupa, si Enrique Cordero. Hindi ito umayon sa proposisyon niya pero hindi rin naman ito direktang tumanggi. Tahimik lang ito at pinaunlakan siya sa iilang beses na inimbitahan niya itong makipag-usap dito. He couldn't tell what his intentions were or what he was really up to. The old man was sickeningly mysterious! Nitong huli niya lang nabalitaan na

pumanaw na pala ito at iniwan sa nag-iisang apo ang bahay at lupa. He didn't even know that the man had a granddaughter! Buong pagkakakilala niya rito ay nag-iisa lang ito sa buhay.

Tumiim ang bagang ni Keaton. The new owner would have to sell. Gagawin niya ang lahat para makuha ang lupa. Hindi puwedeng hindi. Plantsado na ang plano. May nakausap na siyang mga tao. Nakahanda na ang lahat para sa konstruksyon.

"Sh*t!" Ibinagsak ng binata ang sarili paupo sa swivel chair at walang ingat na ipinatong ang mga paa sa mesa. Kumikirot ang mga ugat sa sentido niya. Bakit ba ngayon pa nagkaroon ng aberya?

Muli niyang inabot ang aparato. He dialed his PI's number. He needed a comprehensive background check of Enrique's granddaughter. He couldn't just give the project up. He wasn't called a mogul or a hotel genius for no reason at all.

Pagkatapos niyang sabihin sa PI ang mga impormasyong gusto niyang makuha ay ibinaba na niya ang cellphone sa mesa. Isinandig niya ang likod sa sandalan ng upuan at ipinikit ang mga mata. Gusto niyang magpahinga kahit ilang minuto lang.

Suddenly, his phone rang. Hindi niya gustong abutin ang aparato na nasa ibabaw lang naman ng mesa, pero ayaw tumigil ng tumatawag. Umungol siya at iminulat ang mga mata.

He grabbed the phone. "Keaton Grey. Yes?"

"Keaton!" Malamyos ang tinig ng babae sa

kabilang linya.

His face softened. Nawala ang patung-patong na linya sa kanyang noo. "Corie…" sambit niya sa pangalan nito.

Her name still had that sweet but bitter taste in his mouth. Cordelia ang buong pangalan ng dalaga. People call her Cadie. He preferred to call her Corie. Siya lang ang tumatawag dito sa palayaw na iyon.

"Kumusta ka na, Keaton?" masiglang usisa nito.

He laughed at himself. Mahal pa rin niya ito. She still had that effect on him. He missed her. He loved her. Pinakawalan niya ito dahil iyon ang alam niyang makakapagpaligaya sa babaeng mahal niya. Corie was in love with someone else. She was badly in love with her boss. Kahit na ipilit niya ang sarili, alam niyang talo siya sa labang iyon. Mas gugustuhin pa niyang siya lang ang masaktan kaysa habambuhay itong maging malungkot sa piling niya.

His blue eyes became a shade darker. "I'm good. How are things going between you and Nathan?"

"Oh! We're doing great! Nathan's a very loving husband." Nagkaroon ng kakaibang aliw sa tono nito.

Sumikip ang dibdib ni Keaton. Minsan gusto niyang magalit kay Cordelia. Hindi ba nito alam na nasasaktan siya kapag sinasabi nito kung gaano ito kasaya sa piling ng napangasawa? Nathan was a bullhead when Corie met him. She was just one of Nathan's many flings. But the bullhead fell in love,

at di niya natapatan iyon. He had to let Corie go and be happy with her one true love.

"Ahm, Corie, I really want to talk longer but… ahm…"

"You're busy, Mr. Hotel Genius?"

"Ah, yeah." It was a lie. Kailangan niyang tapusin na ang usapang iyon. The longer the conversation, the more painful it was becoming for him. Just listening to her voice was already hell because it made him miss her more.

Wala na sa kabilang linya si Cordelia pero nakamata pa rin siya sa screen ng phone. Determinado na siyang kalimutan ang nararamdaman para sa kaibigan. He would move forward. He must move forward.

Wala sa loob na inabot niya ang remote ng telebisyon na pina-install niya sa kanyang opisina. It was one expensive prestige UHD TV, supreme edition. Ang tumambad sa kanya pagkabukas na pagkabukas niya ay ang mukha ni Leon Rodrigazo. Of course, he knew the guy. Iisa lang ang sirkulong ginagalawan nila.

*"Valie, mahal kita. Mahal na mahal na mahal kita…"*

Love? he thought mockingly. He almost laughed derisively.

In-off na lang niya ang TV. Sumama lang lalo ang timpla niya. Ibinigay niya nang buong-buo ang debosyon niya sa isang babae noon pero nasaktan

lang siya. He was happy for Cordelia, yes, pero hindi ibig sabihin niyon ay naniniwala pa siyang kakayanin niyang magsakripisyo ulit para sa babae.

Enigmatic blue eyes bore into a 4x4 photo printed in full color. Keaton sat in his office. Hawak niya ang litrato ng may-ari ng lupang gusto niyang bilhin, ang apo ni Enrique Cordero.

There was nothing hard or inflexible about the woman staring back at him in the picture. Mukha naman itong malambot at hindi mahirap kausap.

"Violet de Gracia," sambit niya sa pangalan nito. Beinte-uno años ang dalaga. Nagtapos ito ng BS in Environmental Planning and Management, walang trabaho sa kasalukuyan maliban sa paggawa ng mga halamang gamot at gayuma. Marunong din itong manghilot at manggamot ng mga taong namaligno. Both her parents died in a road accident five years ago. Kinupkop ito ni Criselda na kaibigang matalik ng ina nito.

"Ikaw lang pala." Itinuon niya ang mga mata sa mukha ng magandang dalaga. Nakilala niya ito noong samahan niya si Cadie sa Gamugamo para magpatimpla ng gayuma kay 'Byuleta.' Violet pala ang totoo nitong pangalan. Frankly speaking, he didn't believe in love potions. Kasi kung totoo ang gayuma, wala na sanang pusong sawi ngayon.

"Victory should come easy now." Binalikan niya sa isipan ang unang beses na nagtagpo sila

nito. Malinaw pa sa kanya ang pagsinghap nito at pagkapit sa hamba ng pinto. Maliwanag pa sa sikat ng araw na patay na patay ito sa kanya. “She likes me,” he uttered confidently. All the more reason why victory should come easy for him. Mukhang hindi naman pala siya mahihirapan. Maglalaro lang sila ni Violet.

# 3

Alas seis ng gabi. Pinagmamasdan ni Keaton ang malaking bahay na nasa kanyang harapan. Gawa ito sa mahusay na kahoy at semento. Ancestral house ang bahay na iyon. Batay sa kanyang pag-aanalisa, pinaayos na nang makailang beses ang lumang bahay. Sa dalawang pagkakataon ay nakapasok siya sa loob niyon.

Dalawang palapag ang bahay. Sliding window ang mga bintana maliban sa banyo na awning ang estilo. Isa sa dalawang beses niyang pagtungo roon ay inimbitahan siya ng matandang Cordero na doon maghapunan. The dining room was surprisingly relaxing, looking out to a small patio. Doon ay may dalawang silyang tumba-tumba.

Maaliwalas din ang sala mayor. Ang naka-display na radyo at telebisyon ay iyong mga noong dekada noventa lang ginagamit. Apat ang kuwarto sa pagkakaalam niya. Isang master bedroom, dalawang mas maliit nang kaunti at para sa mga bata, at isang para sa kasambahay.

Iniikot niya ang tingin sa paligid. Wala nang tricycle o kahit na anong sasakyan na nagdaraan. Tahimik ang loob at labas ng kabahayan. Ang ekta-ektaryang lupaing nakapalibot sa bahay ay pag-aari

rin ni Enrique Cordero na ngayon ay legal nang pagmamay-ari ng apo nitong si Violet de Gracia. Mapapasakanya ang propiedad na iyon.

Pinihit ni Keaton ang seradura ng main door. Bukas iyon. Inaasahan na niyang bukas lang ang pinto. Ang sabi ng abogadong si Anthoine ay matagal-tagal nang walang naninirahan sa malaking bahay at napabayaan na iyon nang husto. Siguro ay hindi gustong manatili roon ng nag-iisang apo ni Enrique Cordero, lalo na at napakalayo ng Gamugamo sa Balintawak.

May nakita siyang kandelabra sa sala mayor. Sinindihan niya ang kandila gamit ang lighter na nakalapag sa parehong lamesa at saglit na ibinaba ang hawak na kandelabra para hubarin ang suot na T-shirt dahil napakainit. He pulled the shirt over his head. The fabric slid through the smoothness of his skin. And the pale light from the candles cast a shadow and illumination across his carved abdomen.

Nagpatuloy siya sa pag-iikot. May mga kasangkapan pang natatabunan ng puting tela. Sumapit siya sa ikalawang palapag ng bahay. Ang liwanag lang ng buwan at ng hawak na kandelabra ang gumagabay sa paglalakad niya.

Huminto si Keaton sa tapat ng malaki at solidong kahoy na pinto na ang disenyo ay inukit na mga bulaklak at halaman. Pinihit niya ang seradura at itinulak pabukas. May malaking kama sa pinakagitna ng silid, a four-poster Medusa bed.

Pula ang kulay ng kobre kama. Pula rin ang telang nakayapos sa apat na poste.

Ipinikit niya ang mga mata at pinaraanan ng hintuturo at hinlalaki ang dulo ng higaan. The bed felt like it was made especially for the exotic Egyptian queen Cleopatra and the powerful Roman general Mark Anthony.

"Sino ka? Ano ang ginagawa mo rito sa kuwarto ko? Magnanakaw ka, ano? Saklolo, may magnanakaw dito!" Pumilas sa katahimikan ng gabi ang matinis na boses ng babae.

Lumingon siya sa pinanggalingan niyon at tumambad sa kanya ang napakagandang pares ng mga mata na mataman ang pagkakatitig sa kanya kahit bahagyang nakalisik at matalim ang kislap. Mga matang gaya ng sa pusa. His eyes glided to the wonderful swell of her mouth, down to her chin, and moved back up to the warm blush across her cheeks. Nagra-riot ang kulot nitong buhok na lalo lang itong pinasenswal. Kayumanggi ang dalaga. Kakulay ng maputlang almendras. Makinis ang balat at pantay ang kulay.

The woman wore nothing but a beige silky nightgown. Nakayapak lang ito at nakapako sa kanya ang hugis-pusa nitong mga mata. Mukhang galing ito ng banyo pagkat may hawak pa itong tuwalya. Bakit wala man lang siyang narinig na lagaslas ng tubig kanina?

"Violet..."

Oh, God, gustong niyang isiping isang diyosa ang nanaog mula sa langit, at gusto niyang magalit nang maalalang bukas lang ang pinto sa ibaba ng bahay. Paano kung may masasamang loob na pumasok sa kabahayan at nakita ng mga ito ang dalaga? Walang lalaki, lalo na kung halang ang bituka, ang hindi mag-iisip na gahasain ito.

He, too, could even rape her right then and there, at walang makakaalam. The woman was so careless, for crying out loud! She was wearing a f*cking nightgown that could seduce even a f*cking saint!

"K-Keaton? Ikaw ba iyan?" Naghahalo ang pagkalito at pagkagulat sa maganda nitong mukha.

Kahit siya ay nagulat na nakilala siya agad ni Violet at natatandaan pa.

"Ako nga." He cleared his throat. "And I'm glad it's me. You should be glad, too, trust me," makahulugan niyang sambit.

"A-ano ang ginagawa mo rito sa loob ng bahay ko?" Nakamata ito sa kanya na tila hindi pa rin makapaniwalang totoo siya at hindi isang aparisyon lang.

He automatically came up with an excuse. "Ibinilin sa akin ni Mr. Cordero na tingnan ang bahay habang wala pang nakatira," pagsisinungaling niya. Iyon ang tanging rason na pumasok sa kanyang isipan na puwedeng paniwalaan ng dalaga. Alam niyang hindi siya nito pag-iisipan ng masama lalo na at nagkaharap na sila noon. "Hindi ko alam na

narito ka na pala."

Totoo ang huling iyon. Nakaplano na ang petsa kung kailan niya dapat pupuntahan si Violet de Gracia. Hindi niya naisip na makakaharap na niya nang mga sandaling iyon ang dalaga.

"K-kilala mo ang Lolo Enrique ko?"

"Yes, Violet. We're business comrades. Isang mundo lang ang ginagalawan namin. Twice, I've been in this house and one time, I even had dinner with your grandfather. Tahimik siyang tao pero naging mabuting magkaibigan kami."

Bumuntong-hininga siya at tinitigan si Violet na nakatingin lang sa kanya. His eyes moved down to her breasts. The wench wasn't wearing a bra! Lihim siyang napamura.

Violet's nipples reacted, kung sa mga titig niya o sa panggabing hangin ay hindi niya masabi. Tumikhim si Keaton at ibinalik ang tingin sa mukha ng kaharap. "Hindi lang ang bahay ang ibinilin sa akin ni Enrique Cordero. As a matter of fact, isa ka sa mga inihabilin niya sa akin."

"W-walang sinabing ganyan ang abogadong kumausap sa akin."

He smiled at her. Nilapitan niya ito at hinawakan sa magkabilang braso. Gumalaw ang panga niya nang mahawakan niya ang dalaga. He fought the urge to sink his fingers deeper into her velvety flesh. Why, Violet was so soft! At hayagan itong suminghap. Kung siya lang ang masusunod

ay kakargahin na niya ito at ihihiga sa kama. Hindi niya ito palalabasin ng kuwarto hangga't hindi sila pinangangapusan ng hininga.

"Pakiusap, huwag mo akong titigan na parang gusto mo akong hubaran, at baka matangay ako."

Nasamid siya. He was thinking exactly that! Yes, he wanted to strip her naked. Ano ba ang nangyayari sa kanya?

"Don't worry, Violet, I'm harmless." Hindi niya ito gagawan ng masama kahit na nakikita niyang hindi ito tututol kung aangkinin niya ito ngayon. "May kasama ka ba rito?"

Umiling ito.

"Bakit hindi naka-lock ang pinto sa ibaba gayung nag-iisa ka lang pala rito?"

Napakamot ito sa ulo. "Nakalimutan ko lang. Noong unang linggo kasi ay kasama ko pa si Mama Criselda rito. Ngayon, mag-isa na lang ako."

"In that case, I'd like to send in my application as your housemate, if it's okay with you. If you're still worried, I'll bring my *NBI* and police clearance tomorrow and—"

"Hindi na kailangan. Naniniwala akong mabuti kang tao. P-pero bakit gusto mo akong makasama? Tiyak kong may sarili kang bahay." Malinaw na hindi nito inaasahang marinig ang mga sinabi niya.

"In an exclusive condo, yes. Pero nasabi ko na kanina na inihabilin ka sa akin ng Lolo Enrique mo at nangako akong gagabayan ka. Hindi pa ako

sumira sa pangako, Violet."

Kumurba ang matamis na ngiti sa labi ng dalaga. Ngiting gustong magpaurong sa kanya. The woman was the she-devil reincarnate. Hindi niya gusto ang kislap na nagniningning sa mga mata nito.

"Inaasahan kong hindi ka sisira sa pangako kailanman, Keaton. Panghahawakan ko iyan." Tumingkayad ito at kinubkob ang mukha niya. "Ang guwapo mo pa rin hanggang ngayon. Hindi ako makapaniwalang nahahawakan kita nang ganito. Nasaan na pala 'yung kasama mong nagpagawa ng gayuma?"

Iglap niyang binitiwan si Violet at lumayo rito. He couldn't tell if she was innocent or just downright stupid. Hindi siya nito gaanong kakilala, subalit kung ilapit nito ang katawan sa kanya ay tila gahibla na lamang ang distansya. Paano pala kung buwitre siya?

"Keaton?"

"She's happily married now."

"Sa lalaking—"

"Yes," he cut her off. Alam na niyang ang gusto nitong tukuyin ay si Nathan.

"S'abi ko na, eh!" biglang bulalas ng dalaga na ikinagulat niya. "Sila rin ang nagkatuluyan kahit na hindi natuloy ang pagpapamisa ko. Huwag kang mag-alala, hindi naman kayo bagay. Mas bagay tayo," walang inhibisyong sabi nito.

Tumiim ang labi niya. Hindi niya nagustuhan

ang mga sinabi ng babae. “Matulog ka na, Violet. Ako na ang bahala sa sarili ko.” Pagkasabi niyon ay lumabas na siya ng kuwarto.

# 4

Keaton was at the far end of the white veranda, sitting on the newly purchased hammock chair. He had it delivered yesterday. Gusto lang sana niyang mapag-isa at tahimik na mapagmasdan ang mga punongkahoy sa paligid. May mga puno ng mangga, marang, at mga halamang hindi niya alam ang pangalan.

Noong hindi pa nagkakasakit si Enrique Cordero ay may mga trabahante itong umaasikaso sa malawak na tanimang matatanaw sa unahan. Mula sa ikalawang palapag ng bahay ay makikitang mabuti ang lawak ng lupaing kinasasakupan nito. And soon, it would all be his. Magiging kanya na ang lahat ng iyon kapag nakuha na niya nang tuluyan ang loob ni Violet.

"Coffee, bacon, o ako?"

Nag-angat ng mukha si Keaton. Violet stood in front of him. Hawak nito ang isang tasa ng umuusok na kape at platitong may tatlong piraso ng bagong pritong bacon. Inabot nito sa kanya ang kape at inilapag sa lamesita ang platito. She was wearing his plain white shirt, and his sheepskin slippers. Good thing she wasn't wearing his boxers. Kung pati iyon ay isinuot nito, hindi na niya alam kung ano ang

iisipin.

She was a tease. Tatlong araw pa lang buhat nang dumating siya sa bahay nito sa Balintawak pero umaakto na itong komportableng-komportable sa kanya abot sa puntong nakakaasiwa na.

"Hiniram ko pala ang damit at tsinelas mo."

Tumaas ang kilay ni Keaton. "I can see that. You are obviously wearing them already." Kahit na sabihin pa niyang hindi siya komportableng pinapakialaman nito ang mga gamit niya ay wala siyang magagawa. The witch was as stubborn as hell. Kung naiba lang ang sirkumstansya ay hinding-hindi niya ito pakikibagayan. He didn't like her kind—the bold and daring who thought they could get any guy to like them.

"Okay lang ba?"

"May magagawa pa ba ako?"

"Salamat! Ang bango nitong damit mo, sa totoo lang!" She clutched on the neckline of the shirt and pulled the fabric to her nose and sniffed it.

Gusto niyang mapangiwi. Never had he met a woman who so obviously liked him—head over heels. Maraming may gusto sa kanya pero kakaiba si Violet. Hindi ito nahihiyang ipakita kung gaano siya nito kagusto, na halos sambahin na siya nito. Ang lakas ng tama nito sa kanya. She was so high on love that she couldn't even keep her eyes off him. Madalas niya itong nahuhuling nakatitig sa kanya, at nangungutitap ang mga mata.

Minsan gusto na niyang matakot, kung hindi lang niya kailangang-kailangan ang lupa ay nunkang lalapit siya sa dalaga.

"Kumusta ang tulog mo?" tanong nito, matamis ang pagkakangiti at ang mga mata ay tila buslong tigib ng bituin.

"I slept well," he answered nonchalantly. Sa dalawang gabing pananatili niya roon ay dalawang beses na rin nitong kinumusta ang tulog niya kinabukasan. Maayos naman ang tulog niya, maliban na lang sa iilang beses niyang pagligo sa kalagitnaan ng gabi.

Hindi madaling makasama sa ilalim ng iisang bubong ang katulad ni Violet. To be honest, the woman was gorgeous and hot. There was not a time he didn't think of her on his bed. Hindi nakatulong ang kaalaman na papayag ito kapag inanyayahan niya sa kama. Pero hinding-hindi niya gagawin ang bagay na iyon! Baka aksidente pa niya itong mabuntis.

Aaminin niyang nabighani siya sa ganda ng dalaga nang una niya itong makita, pero hanggang doon lang ang interes niya rito.

"Mabuti naman." Panay ang kagat nito sa pang-ibabang labi. "Kumain ka na. Gusto mo bang ipagprito pa kita ng itlog at danggit?"

"Huwag ka nang mag-abala pa, Violet. I usually don't have appetite for breakfast." Dinala niya sa labi ang kape. Masarap ang pagkakatimpla. "Hmm, this

one's good," tapat niyang komento.

Sumungaw ang nasisiyahang ngiti sa labi ng dalaga. "Salamat. Masaya ako na nagustuhan mo ang pagkakatimpla ko sa kape mo."

He eyed her suspiciously. The woman was technically a modern-day witch. Hindi ba nga at maalam ito sa paggawa ng mga halamang gamot na may orasyon at gayuma?

He almost choked on his coffee when he realized that she could have put something on his coffee. "Sigurado ka bang wala kang inihalong kahit ano sa kape ko?"

Natawa ang dalaga. "Ipanatag mo ang loob mo, Keaton. Hindi ko gugustuhing maangkin ang lalaking walang pag-ibig sa akin." Itinulak ng hintuturo nito ang platito palapit sa kanya. "Tikman mo rin ang bacon."

Nagpaunlak siya. Subalit nang matikman niya iyon ay nakalimutan na niya ang sinabi niya kanina na wala siyang gaanong gana sa umaga.

Alam niyang titig na titig sa kanya ang dalaga habang kumakain siya pero hinayaan niya lang ito. There was nothing much he could do about it anyway. Kahit sawayin pa niya ito ay hindi rin ito makikinig.

"Nakasakay ka na ba ng kalabaw?"

"Hindi pa." He owned luxury cars, why would he ride a carabao? Isa pa, hindi niya iyon magagamit sa Maynila.

“Sumakay tayo sa kalabaw at pumasyal sa taniman!” masigla nitong mungkahi. Hinila nito ang kamay niya. Gusto niyang tumanggi pero nakapanghihinayang kung maglalaho ang masayang kislap sa mga mata ng kaharap.

Napaungol si Keaton. “Okay, pero hindi puwede iyang pang-ibaba mo. The shirt is okay but not the tiny running shorts.” Napakaikli niyon at natitiyak niyang isang maling tuwad lang ay masisilip na ang ‘paraiso ni Eba.’

Tumalima si Violet at mabilis na nagpalit. Pagbalik nito ay drawstring shorts na ang suot nito na hanggang tuhod ang haba. A satisfied smile curved his lips and he gave her an approving nod. Nagliwanag ang mukha ng dalaga. Ang sumunod ay ang masigla nilang pamamasyal. Siya ang nakasakay sa likod ng kalabaw at si Violet ay nakaupo sa karwaheng hila-hila ng hayop. “Nakailang nobya ka na ba, Keaton?” tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. “A few.”

“Baka naman iba ang depinisyon mo ng ‘few’? Sa tingin ko’y nakailang palit ka na ng nobya.”

He chuckled. “Maybe.”

“Sus, sabi na eh. Minahal mo ba naman silang lahat?”

“I only loved one woman.” He stopped abruptly and regretted saying it. Nadala siya sa kaswal nilang pag-uusap ni Violet. Hindi na niya dapat sinabi ang bagay na iyon dahil alam niyang mag-uusisa lang

lalo ang babae. And he was right.

"Isa lang? Sino siya?"

Paninibugho at inseguridad ba ang nakikita niya sa mga mata ng dalaga?

"Nakaraan na iyon. She's married now."

Natutop ni Violet ang bibig. "'Yung babaeng nagpagawa ng gayuma ang iniibig mo!"

"Let's not talk about Cordelia."

Tumahimik ang dalaga na labis niyang ipinagtaka. He became restless. Gusto niyang malaman kung ano ang iniisip nito. Hindi niya alam kung ano ang sumunod na nangyari basta natagpuan na lamang niyang matulin nang tumatakbo ang kalabaw at hindi niya naiwasan ang sangang tumubong pahalang. Sumabit siya roon at nahulog. Halos pangapusan siya ng hininga.

"Keaton!" umalingawngaw ang sigaw ni Violet.

Kinalas ni Violet ang pagkakabutones ng damit niya. Her fingers brushed against his skin as she unbuttoned his shirt all the way down. Numinipis ang tiyan niya sa pagpipigil na mapaungol tuwing mapapadaiti ang daliri nito sa balat niya. It was beyond torture. Nagpumilit ang dalagang hilutin siya dahil magaling daw itong manghihilot.

Nakaupo siya sa kawayang silya sa loob ng katamtamang laking kubo na malapit lang sa kung saan siya nahulog. May mga nakatagong langis doon ang dalaga na ginagamit nito sa panggagamot

noon. May mga babae pa ngang lumalapit dito at nagpapataas ng matris.

Unang araw pa lang ni Violet sa minanang propiedad ay nakita na nito ang kubo at nakagiliwan. Hindi na nakapagtatakang malinis iyon at maayos. She said the hut reminded her so much of their home in Gamugamo. Maliit pero presko at maaliwalas. Anahaw man ang bubong gaya ng bahay nila ay hindi naman mumurahin ang ginamit na materyales sa pagbuo ng kubo.

Napasinghap si Keaton nang lumapat ang palad ni Violet sa dibdib niya. Her touch burned his skin. Pag-iinitin lang nito ang katawan niya. It wasn't a good idea.

Hinawakan niya ang palapulsuhan ng babae at ibinaba. "You don't have to do this. Wala akong tinamong pinsala. I am fine."

Hindi ito umimik at nanatili lang ang matiim na pagkakatitig sa kanya. He was naturally elusive. Magaling siyang umiwas sa ganoong mga titig. But Violet was different. She intrigued and fascinated him to no end. Buo sa isip niyang hindi ito ang babaeng gugustuhin niyang makarelasyon pero hindi niya maitanggi ang makapal na atraksyon nila para sa isa't isa. Undiluted and potent sexual f*cking tension.

"H-hindi mo ba ako gusto?"

"Violet! Tatlong araw mo pa lang akong nakakasama! Hindi mo pa ako lubusang kilala

para sabihin mo sa akin iyan. Mapapahamak ka sa ginagawa mo. Ang ibang lalaki ay pagsasamantalahan ka kapag sinabihan mo nang ganyan."

"Pero hindi ka ibang lalaki!"

"We are both old enough to know that we are still practically strangers."

"Matagal naman na kitang kilala, Keaton. Mula nang pumunta kayo sa bahay ng kasama mong babae ay hindi ka na nawala sa utak ko. I have followed you on social media, kahit na mumurahin ang cellphone ko. Kinokolekta ko ang pictures mo sa mga magazines at newspapers. Nag-aabang ako ng mga bagong balita tungkol sa iyo. At bakit hindi natin subukan? Alam kong alam mong patay na patay ako sa iyo at wala ka namang nobya, di ba? Si Medusa lang ang tanging babae sa buhay mo."

Pinukol niya ng hindi makapaniwalang tingin si Violet. She was right. Si Medusa lang ang babae sa buhay niya, his trustworthy Persian cat, at iniwan niya ito kay Atty. La Guarcho habang nasa Balintawak siya.

"I love you, Keaton. Hindi lang simpleng paghanga ang nararamdaman ko para sa iyo. Mahal na kita." Muli nitong ipinaloob ang kamay sa nakabukas na niyang damit, dinama ng mga palad ang malapad niyang dibdib. She touched his chest tentatively. Kalkulado. Nakikiramdam.

Mariin niyang ipinikit ang mga mata na tila nasasaktan. Violet wasn't hurting him of course,

but hell's beginning to break loose, at malapit nang mapigtas ang kontrol niya sa sarili.

"F*ck this!" Hinila ni Keaton ang tela ng damit ng kaharap. Hindi ito tumutol at nagpahatak lang hanggang sa maglapat ang mga katawan nila. Kasabay ng paglalapat na iyon ay ang pagkabig niya sa batok ng dalaga at pagsakop sa mga labi nito. His tongue stroke and thrust deep into her mouth. Fire burned in his ocean blue eyes.

Ano na ngayon ang pinagkaiba niya sa ibang lalaking sinasabi niya kanina? Siya man ay bumigay at hindi niya napanindigan ang naunang desisyon na huwag gagalawin ang dalaga. Bahala na.

Pinalalim niya ang halik. Umungol ito at pinagsalikop ang mga kamay sa likod ng batok niya.

Isa-isang natanggal ang mga damit nila. The admiration for her was clear in his eyes. Humahanga siya sa taglay na kagandahan ni Violet at sa kaakit-akit nitong katawan. She wasn't rich and didn't live a luxurious life, but he couldn't find fault in her unblemished skin.

Huminga siya nang malalim. Keaton's blood surged with maddening desire, his breathing became labored as he gazed down at her breasts that were beautiful and perky. Keaton squeezed and pushed one mound upward to suck her nipple. Napaliyad ang dalaga.

Before long, they were both on the floor, naked, and he was on top of her. It was too late to turn back

now. Lust and desire had already consumed them.

He kissed every part of her face while his hands worked on her breasts before he explored the wet labia between her legs. Violet writhed, arched, and moaned… screamed even. And her screams were music to his ears.

He crawled down and toyed with her slit that was wet and glossy, before the flat of his tongue dove down to lick the glistening folds of her sex. He felt her spasms and when her body convulsed, he quickly nudged her legs apart and entered her sharply. Suminghap si Violet at alam niyang nasaktan ito nang tuluyan niyang angkinin. But she controlled her sobs and held him tighter.

He was proud. Siya ang una. Ipinagkaloob sa kanya ng dalaga ang bagay na hindi nito pinaangkin sa iba.

Kung anu-anong matatamis na salita ang ibinulong niya sa tainga ng katalik. He was too ecstatic that he came inside her.

# 5

Paulit-ulit na nagmura si Keaton sa loob-loob niya. Nagpadaig siya sa panunukso ng laman! He had sex with Violet! At hindi lang isang beses. Nagpakasasa sila sa katawan ng isa't isa buong gabi hanggang madaling araw.

Ang mas malaking katangahan sa parte niya ay ang hindi paggamit ng proteksyon. Paano na kung magdalantao ito? Marriage was definitely out of the question. Hindi kasama sa plano niya ang pakasalan ang babae. He couldn't imagine himself being wed to a witch doctor. Bakit ba kasi nawalan siya ng kontrol sa sarili at hindi siya naging maingat?

Naputol ang kanyang pag-iisip nang may yumapos sa baywang niya. Si Violet. Nalanghap niya ang natural nitong bango—amoy Jasmine flower—at ang dalaga lang ang tanging iisipin niya kada malalanghap iyon. Her scent, sweet and relaxing, would forever be an erotic reminder of the day he took her innocence.

"Ano'ng iniisip mo?"

Napahugot siya ng malalim na paghinga. Humarap siya rito at hinaplos ang pisngi ng dalaga. "Business and all things synonymous to it."

"Huwag mong iisipin ang *MonteGrey*. Hindi

malulugi iyon kahit wala ka."

Bumuntong-hininga si Keaton. "Wala ka bang planong ipagbili itong bahay at lupang minana mo? Napakalayo nitong Balintawak. Wala kang kamag-anak o kaibigan man lang dito. It isn't safe for you to stay here. Mas mabuti kung ibenta mo na lang."

Natigilan ito, saglit na nag-isip bago ngumisi. "Aalis lang ako rito kapag nag-asawa na ako at habang hindi pa nangyayari iyon, dito lang muna ako." She elbowed him teasingly. "Bakit, yayayain mo na ba akong pakasal? Pakibilisan at baka nakabuo na tayo."

Pumulso ang ugat sa sentido niya. *Pakibilisan at baka nakabuo na tayo.* Hindi niya alam kung matatawa siya o maiinis. F*ck him for being careless! F*ck his libido! F*ck sex!

"Stop joking, Violet. Seryoso ako. Ibenta mo na ang bahay at lupa."

Umingos ang dalaga. "Kanino ko naman ito ibebenta, aber?"

Sumeryoso siya at pinapormal ang mukha. "Sa akin. I am willing to pay you millions."

The hotel project would take sacks of effort, sa pagbili pa lang ng lupa, pahirapan na. But for the love of hotels and resorts, gagawin niya ang lahat makumbinsi lang si Violet na ibenta sa kanya ang minana nito. Hindi siya nagpunta ng Balintawak para sa wala.

"Come on, baby. Hindi mo kailangan ang ganito

kalawak na lugar at kalaking bahay. Paano kung may magtangkang gawan ka ng masama? Ang susunod na bahay ay napakalayo pa! Walang sasaklolo sa iyo." Hinawakan niya sa magkabilang balikat ang dalaga. Pagkalito ang nakabadha sa maganda nitong mukha. "Violet?"

Napabuga ito ng hangin. "P-pag-iisipan ko…"

"Napag-isipan mo na ba ang tungkol sa sinabi ko sa iyo kahapon?" tanong ni Keaton kay Violet.

Hindi umimik ang dalaga at nagpatuloy lang siya sa pagsubo ng minatamis na saging. Ang totoo, wala siyang planong ibenta ang minana niya sa Lolo Enrique. Naalala niyang may kumausap sa kanyang abogado noon at nagpakilalang Atty. La Guarcho. Inalok din siya nito ng malaking pera kapalit ng minana niyang propiedad, subalit nagpakatanggi-tanggi siya. Tama si Criselda, hindi niya maaatim na ipagbili ang bagay na ipinagkatiwala sa kanya ng lolo niya. Nagsilbi iyong tulay upang kahit papaano ay makilala niya kung anong klaseng tao ang abuelo noong nabubuhay pa ito. She knew that her mother would have loved to stay in that house if she were still alive.

"B-bakit gusto mong bilhin ang bahay at lupa?"

"I'll give you an honest answer, Violet. Hindi ako interesado sa bahay. Mas interesado ako sa lupa. Another *MonteGrey* hotel will rise in this area. Ide-develop namin ang lugar na 'to."

Hindi na siya nagulat sa sinabi ni Keaton. Nang banggitin nito ang tungkol sa suhestiyong ibenta niya ang minanang propiedad ay naisip na niya agad na may kinalaman iyon sa negosyo nito. "B-bigyan mo pa ako ng ilang araw para makapag-isip."

Dumaan ang saglit na pagkabagot sa mukha ng binata bago ito ngumiti nang payak. "Sure, take your time, doll." Kinuha nito ang baso ng orange juice at pumasok sa inookupa nitong silid. Naiwan siyang nakatitig sa kawalan.

Kapag hindi ba siya sumang-ayon sa gusto nitong mangyari ay iiwan siya nito? Ang nangyari sa kanila ay hindi nito binigyan ng halaga kung tutuusin. Hindi nito binabanggit ang tungkol sa bagay na iyon at tahasan nitong inililiko ang usapan kapag napupunta na sa ganoong usapin. Alam niyang hindi nito ginustong may mamagitan sa kanila at nadala lang ito sa panunukso niya. Gayunman, malakas pa rin ang paniniwala niyang may damdamin sa kanya ang binata.

"Tao po!"

Napalingon siya sa pinto. Ang kagawad na si Juaning ang napagbuksan niya ng pinto, may dalang inahing manok na tinalian sa paa. Nasa cuarenta y cinco marahil ang edad nito at hindi miminsang dumalaw sa bahay niya lalo na noong bagong lipat pa lang siya. Ang bahay nito ang unang matatanaw pagkatapos ng malawak na lupaing minana niya sa namayapang si Enrique Cordero. Palakaibigan si

Tatay kaya panatag at magaan ang loob niya rito.

"Magandang umaga sa 'yo, Violet."

"Byuleta na lang ho. Pa'sok po kayo. Kumusta na si Baby Vio?" Siya ang nagpaanak sa misis nitong si Saturnina, na mas bata rito nang sampung taon, kaya pinangalanan ng mag-asawang 'Vio' ang bagong silang na sanggol.

Marunong din kasi siyang magpaanak pero iminumungkahi niya pa ring sa ospital manganak ang mga lumalapit sa kanya. Nataon lang na wala ang kumadronang magpapaanak dapat kay Saturnina at hindi na nito kakayaning magtungo pa ng lying-in clinic dahil halos kita na ang ulo ng bata sa puwerta nito nang datnan niya at pumutok na rin ang panubigan.

"Malusog na bata, salamat sa 'yo. Kaya tanggapin mo itong munti naming regalo." Inabot nito ang dalang manok sa kanya.

"Hindi na sana kayo nag-abala pa, 'Tay Juaning. Kung tutuusin ay hindi na ninyo kailangang dalhan pa ako ng mga iyan. Hindi naman ho ako nagpapabayad."

"Bukal sa loob namin ang pagbibigay, Byuleta, at natutuwa kami sa iyo dahil sa iyong kabaitan. Sige na, tanggapin mo na, anak."

Ngumiti na lang siya at tinanggap ang dalang manok ng lalaki. "Salamat, 'Tay Juaning. Pakisabi rin ho kay Nanay Saturnina na maraming-maraming salamat. Hamo at magluluto ako ng tinolang manok

mamaya, at babahagian ko ho kayo."

Tumango ang matanda at ngumiti nang maamo. "Kagayang-kagaya ka ng namayapang si Enrique. Mabait ang abuelo mo, Byuleta. Sayang at hindi man lang kayo nagkasamang dalawa." Bumuntong-hininga ito. "Sana lang ay dito ka na permanenteng manirahan sa Balintawak, anak. Hindi namin kailangan ng mga nagtatayugang gusali rito, ang kailangan namin ay mga kagaya mong may malinis na puso."

Ngumiti si Violet. Parang may humaplos sa puso niya sa sinabi ni Juaning. "Naku, salamat po."

"Magkakaroon pala ng maliit na salu-salo sa bahay bukas ng gabi, Byuleta. Pasasalamat namin sa ligtas na panganganak ni Saturnina at sa pagdating ng anak naming si Vio. Hindi makukumpleto iyon kung wala ka."

"Huwag ho kayong mag-alala, 'Tay, pupunta ako."

"Samahan mo na ako, Keaton." Nangunyapit siya sa braso ng binata na ang buong atensyon ay nakatutok sa mailbox ng telepono nito. Hindi ito nag-abalang tapunan man lang siya ng tingin.

"I can't go, Violet. Umabot na ng ocho mil ang emails ko. I have to read everything and reply to a few. Also, I have arranged for a meeting via video call in fifteen minutes. I need to prioritize this."

Paano ba kasing hindi aabot ng ocho mil ang

inbox nito kung naka-copy furnished ito sa halos lahat ng corporate emails—newsletters, sales emails, invite to events. Mababasa ba nitong lahat iyon?

"Pero wala akong kasamang—"

Nag-angat ito ng mukha para bigyan siya ng nababagot na tingin. "Don't push it, Violet. Huwag nang matigas ang ulo."

Nagsalubong ang mga kilay niya. Parang kumakausap lang sa paslit kung magsalita ang lalaki. Beinte-uno na siya, hindi limang taong gulang na bata! "Sige, hindi na kita pipilitin. Pasensya na."

Nagkibit-balikat lang ito bilang tugon at muling ibinalik ang atensyon sa binabasa.

Nakakapanggigil. Padabog siyang pumasok sa kuwarto at nagbihis. She settled for a simple white dress. Hanggang tuhod ang haba niyon at ang straps ay kasing-nipis ng kurdon. Binili niya iyon may tatlong taon na siguro ang nakakaraan, pero naburo lang sa baul dahil wala siyang mapaggamitan. Noong bagong bili ay maluwag pa iyon sa kanya pero ngayon ay sumikip na. Tumaba ba siya? Hinayon niya ng tingin ang sarili. Nagkalaman lang. Dati kasi ay manipis talaga siya.

Umikot si Violet sa harapan ng salamin. Presentable namang tingnan. She pulled her hair back and secured it in a bun. Hinayaan niya lang ang ilang hiblang nakalaglag sa magkabilang gilid ng kanyang mukha. Nagpahid siya ng manipis na lipstick at naglagay ng kaunting pulbo. T-strap

sandals ang isinuot niya sa paa. She was satisfied and comfortable.

Lumabas na siya ng sala para magpaalam kay Keaton. Masama pa rin ang loob niya rito pero wala siyang magagawa. Iti-text na lang niya si Toto na tricycle driver para sunduin siya at ihatid sa bahay ng kagawad. Regular na siyang pasahero ni Toto dahil ito rin ang kino-contact niya kapag kailangan niyang magpahatid sa palengke.

"Keaton, aalis na ako ha." Yumuko siya at humalik sa pisngi ng binata. Tumango lang ito at hindi pa rin tumingin sa kanya.

Bumuntong-hininga siya at naglakad patungong pinto. Pipihitin na lang niya ang seradura nang tawagin siya ni Keaton.

"Violet!"

"Ha?" lingon niya rito.

Halos magdikit ang magkabila nitong kilay at malapit nang magtiim ang mga labi. Ano na naman ang problema ng lalaki?

He was staring at her, appalled. "You call that a dress?" The creases on his forehead said it all.

Wala sa loob na niyuko niya ang sarili. "Ano'ng problema sa suot ko?" Disente naman ang damit niya. Hindi naman nakaluwa ang dibdib, hindi kita ang likod niya, hanggang tuhod pa nga ang haba. Ano naman kung kita ang mga balikat at braso niya? She didn't have the most flawless arms and shoulders in the world. Katunayan ay may pockmark

siya sa kaliwang braso dahil sa bakuna.

"Go change or stay at home."

"Ano pa'ng isusuot ko? Wala na akong damit. Pasensya na, pero hindi ako kagaya ng mga naging nobya mo na puno ng damit ang aparador."

"I don't care, Violet. It's either you go change that crap you call dress, or you stay at home."

Ang gulo ng kamote! Ayaw siyang samahan sa salu-salo, tapos ngayon mamanduhan siyang magpalit ng damit, at kung hindi'y hindi siya makakalabas ng bahay? Ano ba ang problema sa damit niya? Nakalabas ba ang kaluluwa niya?

"Oo na, para matahimik ka lang, magpapalit na ako ng damit." Mabibigat ang mga paang bumalik siya ng kuwarto, humablot ng rose pink wrap blouse at black skinny fit jeans. Hindi na niya pinalitan ang T-strap sandals. "Pasado na siguro 'to sa 'yo, ano? Baka naman may maipintas ka pa, sige sabihin mo na para makapagkalkal pa ako sa baul," sarkastiko niyang sabi.

For a moment, he just stared at her. His expression didn't change at all. Sinuyod siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa. Hindi naman ito mukhang natuwa sa hitsura niya. He even looked pissed, the disgruntled glint in his eyes was obvious as he looked at her. Para siyang lumahok sa patimpalak ng kagandahan at hindi pumasa sa pamantayan ng tagahatol.

"Ano na naman, Keaton? Baka wala na akong

abutan sa salu-salo niyan. Nakakahiya kay Tatay Juaning at Nanay Saturnina."

Ibinulsa nito ang telepono at tumayo, iritado pa rin. Inisang hakbang nito ang distansya nila at hinawakan siya nang mahigpit sa kamay.

Nagulat si Violet. Tiningala niya ang binatang nakahawak nang mahigpit sa kamay niya.

"You need a date, right? Let's go."

"Akala ko ba may meeting ka?"

"Forget about the meeting. I'll reschedule."